



Healthy
Pilipinas



AHA! LEARNING CENTER'S

ESKWELANG PAMILYA

f /ahalearning @ /ahalearns

BATA MAY TANONG KA BA TUNGKOL SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL Lesson 5

Pambungad

Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa **“Maaaring Gawin kapag Nahawa o Nakahawa ng COVID-19”**. Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!

Bata, May Tanong ka ba Tungkol sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 5

Source: Department of Health

I. PAGBATI

Isang mapagpalang araw, mga ka-AHA! ❤️ Nandito po ulit si Teacher ____ 🧑🏫🏠. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🎨

II. ❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO

Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa mensahe ni Erika ng Cavite.

📄 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, anong mangyayari kung magkaka-COVID-19 ako? Paano rin po kung makahawa ako?

III. 💬 PAG-USAPAN NATIN

Magandang Araw, Erika!

Salamat sa iyong tanong. 😊

--

Ngayon, papaano kung nagpositibo ka sa COVID-19? 🤔

Makipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan at pumunta sa ospital para sa agarang atensiyong medikal. 🧑🏻‍💻🧑🏻‍💻📞

(Huwag matakot at kaawaan ang sarili kung mayroong COVID-19. Huwag ding mawalan ng pag-asa dahil nandyan ang mga doktor at nars para tulungan ka sa iyong paggaling. Sa halip, isipin na pinapatnubayan ka ng Diyos araw-araw, at kailangan mong gumaling para sa iyong pamilya at para sa kinabukasang naghihintay sa iyo. Marami na tayong pinagdaanan, huwag nating hayaan na ang COVID-19 ang magpatalo sa atin sa buhay. Laban lang! 🙌)

Sa tanong naman na paano kapag nakahawa ka ng ibang tao? 🤔

Erika at mga bata, huwag kagalitan ang sarili. Huwag itong damdamin.

(Alam kong hindi mo ninanais makahawa ng iba. Ang mabuti pa, ipagdasal natin ang kanyang agarang paggaling. 🙏)

IV. 🧼 HAMON

Kaya bilang pag-iingat, ugaliin natin ang regular na paghuhugas ng kamay sa loob ng 20 segundo. 🕒🧼🧼

Panatilihin din natin ang isang metro o dalawang dipang layo mula sa iba. 🧑🏻 🧑🏻

Kung babahing, uubo, o sisinga naman tayo ay takpan natin ang ating bibig o ilong gamit ang panyo, tisyu, medical mask, o loob ng siko. 🤧🙌

Pigilan din nating kusutin ang ating mga mata o hawakan ang bibig at ilong lalo na't hindi pa nahuhugasan ang mga kamay. ❌👉👉👁️ ❌🙌📧 ❌👏👄

At higit sa lahat, manatili muna tayo sa loob ng ating bahay. 🏠 (Panandalian lang ito. Mabuti nang mag-ingat tayo upang masimulan ang pagbangon ng bansang Pilipinas 🇵🇭.)





V. 💡 PAG-ISIPAN





Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag-alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

- 🔵 Ano ang dapat gawin kapag nagpositibo sa COVID-19?
- 🔵 Tama o Mali. Kagalitan ang sarili at damdamin kapag naging positibo sa COVID-19.
- 🔵 Tama o Mali. Panatilihin ang dalawang dipa o isang metrong layo sa ibang tao.
- 🔵 Ang ang mga maaaring itakip sa ilong o bibig kapag uubo?

 Tama o Mali. Kusutin ang mata.

VI. 🙌 PANGWAKAS NA BATI

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. →    

Magkita-kita tayo ulit tayo sa mga sunsunod na araw para sa “Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?”    

Maraming Salamat sa pakikiisa! 

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."